# THE NAVIGATOR

# TAKE 10

## Komunikasyon

**1 Pamamahagi**
Ang komunikasyon ay tungkol sa pamamahagi o pakikipagpalitan ng impormasyon sa anumang paraan. Para sa mga Nabigante, ang dalawa sa pinakamahalagang paraan ng komunikasyon ay sa pamamagitan ng pakikipag-usap o sa pamamagitan ng elektronikong paraan ng pakikipagpalitan.

**2 Nasa target**
Ang mabuting komunikasyon at mabuting pakikipagpalitan ng impormasyon ay ang ganap na mahalaga sa mabuting nabigasyon. Ang mga nabigante ay kailangang tiyak na ang impormasyon na kanilang sinasabi ay parehong napadala at natanggap nang wasto.

**3 Pag-uusap tungkol sa sakuna**
Ang maling komunikasyon o ang paggamit ng hindi mahusay na impormasyon ay ang nangungunang sanhi ng mga aksidente at malaki ang nawawala sa atin kung pinag-uusapan ang reputasyon, pera at epekto sa kapaligiran.

**4 Kahulugan ng pagkilos**
Ang komunikasyon sa pagitan ng pangkat ng bridge ay maaaring kinabibilangan ng pagkumpas ng katawan, tono at binibigkas na komunikasyon. Ang lahat ng mga ito ay mahahalaga para sa mabuting pamamahala ng pangkat ng bridge.

**5 Plano para magtagumpay**
Ang kamalayan sa panganib ,at ang ligtas na pamamahala sa panganib ay lubos na mas mabisan kapag naibabahagi sa mga kasamahang propesyonal na nasa bridge, kasama na ang mga Navigator (nabigante), mga Pilota, at kung saan naaangkop, sa mga Inhinyero. Ikonsidera ang 'pagpaplano' ng inyong mga mahahalagang mensahe, lalo na kung hindi kayo kumportable sa sinasalitang wika.

**6 Makinig at magmasid**
Hikayatin ang lahat ng mga kalahok na 'sabihin ang kanilang nasasa-isip' para matiyak na ang inyong mensahe ay malinaw na naintindihan. Ang tungkulin ng nagsasalita ay hindi nagwawakas sa sandaling naulit ng nakikinig ang mensahe. Para maiwasan ang mga aksidente, kailangang magmasid ang nagsasalita at tapos ay patotohanan ang kilos.

**7 Sobrang kargada**
Kung masyado maraming data ang ipinapakita o ito ay ipinapakita sa hindi wastong paraan, ang mga Nabigante ay maaaring maguluhan, pagtuunan ng pansin ang maling mga bagay o magsayang ng panahon.

**8 Mga tao at mga makinarya**
Kailangan ng mga nabigante na bigyang kahulugan ang sinasabi sa kanila ng mga computer. Higit sa lahat, kailangan nilang ipagsama ang kanilang kakayahan bilang tao at ang kanilang kalakasan sa teknolohiya para makabuo ng mabisang komunikasyon gamit ang lakas ng parehong nabanggit.

**9 Malinaw at may kahulugan ba ang mga ito?**
Ang impormasyon na ipinagkakaloob ng mga electronic ay hindi parating magagamit o wasto. Kailangan dapat tanungin ng mga nabigante kung ano ang kanilang nakikita sa halip ang sentido kumon at propesyonal na kaalaman para tasahin ito.

**10 Ginto ang katahimikan**
Habang mahalaga ang mabuting verbal na komunikasyon habang sakay sa barko kasama ng pangkat ng bridge, para maiwasan ang banggaan, dinisenyo ang COLREGS para maging isang sistema na batay sa mga tuntunin, na umiiwas sa mga panganib na likas sa komunikasyon na binibigkas.




Read all issues of *The Navigator* for free
**www.nautinst.org/thenavigator**

Google play | App Store | kindle fire

The Nautical Institute

in association with

STEAMSHIP MUTUAL